8

# Filipino

## Ikalawang Markahan–Modyul 5: Sarsuwela



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino 8_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Sarsuwela**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat** : Jenelyn L. Jandoc, SST I
**Editor** : Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera
**Tagasuri** : Jessie C. Torreon , Jocelyn P. Abellano, Donna May D. Pinguit, Teresita Merlin, Japhet K. Salar, Christy Joyce E. Anino
**Tagalapat** : Jenelyn L. Jandoc, SST I

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education - Rehiyon ng Caraga**

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center,
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085)342-8207 /(085)342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## Sarsuwela

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




# Alamin

**Tungkol saan ang modyul na ito?**

Ang modyul na ito tungkol sa Sarsuwela ay may maramihang gamit. Una, matututunan mo ang mga kakayahang nasasalamin sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalin ng mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Nasusuri nang pasulat ang papel na ginampanan ng sarsuwela sa pagpapataas ng kamalayan ng mga Pilipino sa kultura ng iba't ibang rehiyon sa bansa.
2. Naiuugnay ang tema ng napanood na programang pantelebisyon sa akdang tinalakay.



# Subukin

Sagutin ang panimulang pagsusulit. Layunin nito na alamin kung kailangan mo pa ang modyul na ito o tutuloy ka na sa susunod.

**Panuto:** Suriin ang sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes at maglahad ng mga papel na ginagampanan ng mga tauhan upang mapataas ang kamalayan ng mga Pilipino sa kultura ng iba't ibang rehiyon.

A. Pamagat ng akda:

B. Mga Pangyayaring nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura ng mga Pilipino sa iba't ibang rehiyon

1. Panliligaw

2. Pinagkasunduang kasal ng mga magulang

3. Huling kahilingan ng mamamatay

C. Maglahad ng papel na ginagampanan ng akda upang lubos na mapahalagahan ang kultura ng mga Pilipino.

D. Magbigay at iugnay ang tema ng akda sa programang pantelebisyong iyong napanood.



## ***Balikan***

Panuto: Ibigay ang opinyon at kahulugan ng mga salitang sinalungguhitan sa pahayag.

Oh, mundong sinungaling! Sa bawat sandaling ligayang tinatamo ng dibdib, ay tinutunungan kapagdaka ng matinding dusa! Magdaraya ka! Ang tuwang

idinudulot mo sa amin ay maitutulad sa bango ng bulaklak, na sa sandaling oras ay kusang lumilipas.

*Bahagi ng akdang "Walang Sugat "*

1. Ano ang iyong masasabi sa pahayag ng talata?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugang denotasyon at konotasyon ng salitang **bulaklak.**

Denotasyon: ________________________

Konotasyon: ________________________

3.Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salitang **dusa.**

Kasingkahulugan:______________________

Kasalungat na Kahulugan: ___________________

## *Tuklasin*



**SEVERINO REYES**

Si Severino Reyes, o mas kilala bilang Lola Basyang, ay itinuturing na ama ng Sarsuwelang Tagalog. Isa siyang mahusay na direktor at manunulat ng dula. Nagsimulang mabasa ang mga kuwento ni Lola Basyang noong 1925 habang siya ay punong-patnugot sa Liwayway at kinailangan niyang punan ng kuwento ang isang maliit na espasyo sa isang pahina ng magasin. Nakasulat siya ng 26 na

sarsuwela. Unang inilimbag ang "Walang Sugat" noong 1898 at unang itinanghal noong 1902 sa Teatro Libertad. Tinalakay ng sarsuwela ang pagmamalupit ng mga paring Kastila sa mga bilanggong Pilipino dahilan sa kanilang pagiging makabayan. Ang sarsuwela bagamat ipinakilala noong panahon ng Español ay namulaklak noong Panahon ng Himagsikan at ng Amerikano. Punong-puno ito ng pag-iibigan at tunggalian. Ayon sa kasaysayan nito, ito ay sinasabing hinago ng mga Español sa opera ng Italya sapagkat magkahalo ang diyalogong ginagamit dito —patula at pasalita.

Ang mga tagpo ay magkahalong seryoso at katawa-tawa. Melodrama kung ito ay tawagin o kaya'y tragikomedya. Hango sa tunay na buhay ang paksa nito at kung minsan ay nasosobrahan naman sa damdamin, lalo na sa pag-ibig kaya nagiging soap operatic. Kadalasan ang sarsuwela ay nagtatapos palagi sa masayang pagwawakas, kasiyahan o nakaaaliw na tagpo. Ang tunggalian ng sarsuwela ay pahaplis at pahapyaw lamang. Ito ay ipinangalan sa la Zarzuela ng Espanya.

Lubos itong kinagigiliwan ng mga Pilipino dahil tayo ay likas na mahilig sa awit at sayaw. Dahil dito, sumikat si 'Atang Dela Rama' at itinagurian siyang "Reyna ng Sarsuwela" sa Pilipinas.



**Atang Dela Rama**

Unti-unting nanghina ang Sarsuwela ng dumating ang 'bodabil' (vaudeville) o 'stage show'. Lalong nawalan ng manonood ang teatrong musikal nang dumating ang mga pelikula. Ipinatigil ng mga Amerikanong mananakop ang mga sarsuwela noon, dahil ginagamit ito ng mga Pilipino para ipakita ang mga kalupitan at di-makatarungang karanasan na dinanas sa ilalim ng pananakop ng mga Kastila at Amerikano. At sa pagtatapos ng dula ay ipinapakita na ang mga Pilipino ay nagwawagi laban sa banyagang mga mananakop. Noong 2011 kinilala ng National Commission for Culture and Arts na isa sa mga pamanang kultura ang sarsuwela. Kinilala din ng UNESCO ang sarsuwela bilang pambansang teatro at opera ng Pilipinas. Gaya ng ibang panitikan, ang karamihan sa mga dulang itinatanghal ay hango sa totoong buhay.



# *Suriin*

Ang Sarsuwela ay nagbibigay sa atin ng tiwala para mahalin ang sariling bayan at mga taong ating minamahal, ipinapakita ang sitwasyon ng mga Pilipino sa mga kuwento ng pag-ibig at kontemporaryong isyu. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng Sarsuwela.

Mula sa Luzon, narito ang piling bahagi ng sarsuwelang

**"Tanikalang Ginto"**
ni Juan Abad

*Balak magpakasal sina K'Ulayaw (simbolo ng rebolusyonaryo) at Liwanag simbolo ng tunay na pagmamahal sa bayan na pilit hinaharangan ni Maimbot (simbolo ng mga Amerikano.) Naging kasabwat ni Maimbot si Nagtapon (simbolo ng mga Pilipinong taksil) na kapatid ni K'Ulayaw sa planong paglalayo ng magkasintahan. Sinuhulan ni Maimbot si Liwanag ng tanikalang ginto at sandaling nasilaw dito. At sa huli, namatay si K'Ulayaw sa kamay ni Nagtapon. Sa sobrang pagkalungkot, magpapakamatay din dapat si Liwanag ngunit pinigilan siya ni Diwa (simbolo ng patuloy na pakikipaglaban)*

Nasasalamin natin dito ang pagka**makabayan** at **katapangan** o **kabayanihan** ng mga Pilipino, ipinapakita nila ang **pagmamahal** sa bayan sa pakikipaglaban kahit buhay pa nila ang kapalit makamtan lang ang inaasam na kalayaan. Sa kabila ng pagtataksil at korupsyon, **matiyaga** silang naghintay at hindi nawalan ng pag-asa na darating din ang kanilang pinakamimithi na kalayaan. Nariyan din ang kasal na kung saan bahagi ng kultura nating mga Pilipino na tanda ng sakramentong pinag-isa ang dalawang taong nagmamahalan.

https:onebigblog2008.wordpress.com/tanikalang ginto

Mula sa rehiyon III, narito naman ang buod ng itinuturing na unang sarsuwela ng Kapampangan.

**"Ang Tagatagpi"**
Mariano Proceso Byron Pabalan

*Iniisip ni Juana na hiwalayan ang asawang si Diego dahil sa suspetsang may ibang babae ito. Dumating si Sianang, ang kasambahay ng mag-asawa.Nang umalis na si Juana, dumating si Pablo, isa ring  kasambahay at lihim na kasintahan ni Sianang. Hábang nagpapalitan silá ng matatamis na salitâ ay*

*dumating bigla si Diego at nagtago sa ilalim ng sopa si Pablo. Nang itanong ni Diego kung ano ang sanhi ng kaluskos sa bahay, sinabi ni Sianang na ang ásong si Managpe ang sanhi. Ngunit, biglang nabahing si Pablo at nabisto ang magkasintahan. Hábang pinagagalitan ni Diego ang mga kasambahay, umuwi si Juana at siyá namang napagalitan ni Don Diego dahil sa kawalan ng kaayusan sa bahay sanhi ng pagseselos nitó. Natapos ang dula na humihingi ang mga tauhan ng paumanhin sa magulong kinahinatnan ng kanilang búhay.*

https://philippineculturaleducation.com.ph/pabalan-mariano-proceso-byron/

Nasasalamin natin dito ang suliraning pampamilya na pagseselos at maling akala ngunit sa bandang huli ay nanaig ang **pagmamahal, pagpapakumbaba** at **pagpapatawad.**

Mula sa Luzon, narito ang piling bahagi ng sarsuwelang

**Paglipas ng Dilim**
ni Precioso Palma

*Si Don Torcuato at ang kanyang pamilya ay may problemang pampinansiyal. Bilang karagdagan sa kanilang problemang pampinansyal, si Caridad - ang anak na babae nina Don Torcuato at Donya Carmen - ay nabuntis ni Don Juanito. Kaya naman, sa handaan ni Makairog, sinimulan ni Don Torcuato, Donya Carmen, at Caridad ang kanilang plano upang hikayatin si Makairog na maging kasintahan ni Caridad. Ang kanilang plano na gawin kay Makairog na isang panakip-butas para sa pagbubuntis ni Caridad ay nadiskubre. At sa wakas, ay natuloy ang pag-iibigan nina Estrella at Makairog nang sa dulo ng dula ay ipinakita ang kanilang pag-iisang dibdib.*

*https://brainly.ph/question/2416995*

*Nasasalamin natin ang kultura at mga katangian dito na*

- Mahilig sa handaan ang mga Pilipino bilang paraan ng pakikisalamuha sa kapwa.
- Tibay ng tiwala at pagmamahal sa isang relasyon ay hindi basta natitibag hadlangan man ng maraming pagsubok.
- Ang kasal na kung saan patunay na tayong mga Pilipino ay naniniwalang may Diyos at pinagpapala ang may basbas ng sakramentong ito.



## *Pagyamanin*

Salamin ng kultura sa isang bansa ang sarsuwela. Nagpapakita ito ng karaniwang tagpuan, pagpapahalaga, pag-uugali o paraan ng pamumuhay ng mga tao. Nabasa at natalakay na natin ang sarsuwelang “Walang Sugat “ni Severino Reyes sa ikaapat na modyul kaya batid kong alam mo na ang isasagot sa aking hihilingin ngayon. Narito ang buod ng **"Walang Sugat."**

*Magkaharap noon sina Julia at Tenyong habang nagbuburda ang dalaga ng bigalang dumating ang kaibigan nitong si Lucas na nagbalita na nadakip ang kanyang ama dahil napagkamalan itong isang tulisan, napatay ang ama niya na si Kapitan Inggo nais maghiganti ni Teynong kahit labag sa sa kalooban ng kanyang kasintahan na si Julia at inang si kapitana Puten ay wala silang nagawa. Nagkalayo sina Julia at Tenyong at habang malayo sila sa isat-isa ay may dumating namang manliligaw si Julia isang mayaman na si Miguel. Sa paglaon ay itinakda ang kanilang kasal kaya nagpadala ng liham si Julia kay Lucas para ipaalam na siya ay ikakasal na ngunit di ito nasagot ni Tenyong sapagkat biglang nagkaroon ng labanan. Ibinilin na lamang ni Tenyong na darating siya sa araw ng kasal ni Julia. Inakala ni Julia na patay na si Tenyong kaya labag man sa kanyang kalooban ay kailangan niyang magpakasal kay Miguel.Nang araw ng kasal dumating si Tenyong sa simbahan na duguan na anyong mamatay na pinatawag ang kura upang makapangumpisal si Tenyong. Ang huling kahilingan ni Tenyong ay ikasal siya kay Julia, pumayag naman si Tadeo ang ama ni Miguel at Juana ina ni Julia sapagkat mamatay din naman si Tenyong at makakasal din sa kanyang anak. Ngunit biglang bumangon si Tenyong at nagsigawan ang lahat ng Walang Sugat! Walang Sugat! Nilinlang lang pala ni Tenyong ang lahat upang siya ay makasal kay Julia.*

**Lagyan ng √ kung ang kaugalingan ay katanggap-tanggap at X kung di-katanggap-tanggap.**

______1. Ang pagbibigay ng alaala sa isang minamahal.

______2. Ang pagpapadama ng paninibugho sa kasintahan.

_____3. Ang pagtalikod sa mga minamahal sa buhay para sa bayan.

______4. Pagtawag ng Pilibustero sa tao kung sumulat ay maraming K.

______5. Ang pagpaparusa sa mga bilanggo sa pamamagitan ng pagpalo.

______6. Ang pagkakaisa upang maghimagsik laban sa mga prayle.

______7. Ang paggamit ng isip sa halip na puso kapag may lalaking mangingibig.

______8. Ang pagpapasa-Diyos sa mga mapang-abuso.

_____9. Ang pagpili ng magulang ng mapapangasawa ng anak.

____10. Pag-iisip ng paraan upang mahadlangan ang pagpapakasal ng kasintahan

**Piliin mo sa mga sumusunod ang kultura o kaugalingang nagpapakita ng pag-ibig sa bayan. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.**

A. Pagbubuwis ng buhay para sa kalayaan ng bansa.

B. Pananatili sa Pilipinas kahit malaki ang kikitain sa ibang bansa.

C. Pagbabayad ng buwis.

D. Pagtangkilik sa mga produkto ng bansa.

E. Pagsunod sa batas.

F. Pagtulong sa kapwa.

G. Matapat na pagtupad sa tungkulin.

H. Paggalang sa watawat.

I. Pangangalaga sa mga likas na kayamanan ng bansa.

J. Pagsunod sa mga magulang.



## *Isaisip*

**Panuto:** Dugtungan ang mga sumusunod na pahayag upang mabuo ang inaasam na karunungan.

1. Natutuhan ko na….
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________

2. Mahalaga ang aking natutuhan dahil…
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________

3. Gagamitin ko ang aking natutuhan para sa…

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Pauunlarin ko ang aking natutunan sa pamamagitan ng…

_______________________________________________

_______________________________________________



## *Isagawa*

**Gawain A.** Panuto: Manood ng iyong paboritong telenobela. Pagkatapos, suriin at tukuyin o ibigay ang kultura o mga kaugaliang Pilipinong napakaloob dito.

Pamagat ng napanood: ___________________________

1. _______________________________________________
2. _______________________________________________
3. _______________________________________________
4. _______________________________________________
5. _______________________________________________

**Gawain B.** Panuto: Balikan muli ang nabasang akdang Walang Sugat ni Severino Reyes. Batay sa tema nito, iugnay sa programang pantelebisyong ang iyong napanood. Patunayan ang iyong sagot.

Walang Sugat ni Severino Reyes

Tema: Tapat na Pagmamahalan ni Julita at Tenyong

↔

Pamagat ng Napanood

_______________________________

Tema:

Pagpapatunay sa kaugnayan ng dalawang akda:

_______________________________________________

_______________________________________________

# *Tayahin*

**Gawain A.** Panuto: Suriin at tukuyin ang kultura at mga kaugaliang Pilipino na inyong mababasa sa sarsuwelang ito. Isulat sa nakalaang bahagi.


**"Dalagang Bukid"**
Hermogenes E. Ilagan

Umiikot ang Dalágang Búkid kay Angelita, isang dalagang nagbebenta ng bulaklak sa may kabaret. Dahil sa angking kagandahan niya, maraming lalaki ang umibig, at isa na rito si Don Silvestre. Ngunit, lihim na mahal ni Angelita si Cipriano, isang binatang nag-aaral ng abogasya. Tutol ang mga magulang ni Angelita kay Cipriano, bilang kaniyang mangingibig dahil mas gusto nila para sa dalaga si *Don Silvestre*. Dahil sa dami ng pera ni Don Silvestre, nagawa niyang paghiwalayin ang magkasintahan at umasang lalapit ang loob ni Angelita sa kaniya. Ngunit hindi nagtagumpay si Don Silvestre sa kaniyang plano. Nang pinilit ng mga magulang ni Angelita na ipakasal kay Don Silvestre, ay kanyang ibinunyag na siya ay nauna nang nagpakasal kay Cipriano, na lingid sa kaalaman ng karamihan ay tapos pala ng abogasya. Kaya, bilang isang maginoo ay binati rin ni Don Silvestre ang dalawa.

https://tl.wikipedia.org/wiki/Dalagang_Bukid

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

**Gawain B**.
Panuto: Gamit ang Venn Diagram, isulat ang pagkakatulad at pagkakaiba ni Angelita sa kababaihan sa kasalukuyan. Gayahin ang pormat.



## Karagdagang Gawain

**Panuto.** Pagsasalaysay muli sa mga mahalagang pangyayari at impormasyon tungkol sa paksang sarsuwela, gamit ang tsart sa ibaba. Ang iyong pagsasalaysay ay iwawasto sa nakabatay na rubrik.

| KAHULUGAN AT KASAYSAYAN | AMA NG SARSUWELA | ELEMENTO NG SARSUWELA | KAHALAGAHAN NG SARSUWELA |
|---|---|---|---|
| | | | |

## Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**

**Bulaklak**

Konotasyon:kagandahan/kababaehan

Denotasyon: bahagi ng halaman

**Dusa**

Kasingkahulugan: paghihirap kasalungat:pagsasaya

**Pagyamanin**

1.√ 2. X 3.√ 4. √ 5. X
6.X 7. X 8.√ 9. X 10. X

A,B,C,D,E,G,H,I,

**Tayahin A**

1.Pagsusuyong tapat at wagas 2.Matatag sa isang relasyon,
3.Hindi lahat ng kaligayahan nakukuha sa salapi
4.Maginoo,marunong tumanggap ng pagkatalo
5.May matibay na paninindigan

**Tayahin B**

Pagkakatulad ay tapat at wagas kung umibig sa minamahal.

Pagkakaiba ay madaling sumuko,marupok ang karamihan sa mga babae ngayon,kaya marami ang nagkakahiwalay sa isang relasyon. Marami rin sa mga babae ngayon na pera ang iniisip,nagiging praktikal,kaya pinagpalit nila ang lalaking walang maibibigay na magandang kinabukasan sa kanya kahit pa mahal nya ito,wika nga; "Aanhin pa ang pag-ibig kung sikmura ay nanginginig."

**Rubriks sa pagpapaliwanag**

| **Nilalaman** | **Napakahusay**<br>**10** | **Mahusay**<br>**8** | **Di-gaanong mahusay**<br>**6** | **May malaking kakulangan**<br>**4** | **Mag-ensayo pa**<br>**2** |
|---|---|---|---|---|---|
| Kalidad ng pagsasa laysay ay sapat at maka buluhan, tamang baybay at mga bantas ang ginamit. | Buo at maliwanag, lubhang naging malinaw ang paghahatid ng mensahe, baybay at mga bantas. | Katamtamang pagsasalaysay naging malinaw ang paghahatid ng mensahe, baybay at bantas na ginamit. | May kaunting kamalian ang paliwanag. Di-gaanong malinaw ang paghahatid ng mensahe sa baybay at bantas. | Nagpapakita ng kaunting kaalaman. Hindi naging malinaw ang paghahatid ng baybay at mga bantas ng mensahe. | Ang sinasabi ay malayo sa paksa o tanong. Paulit-ulit ang paliwanag, baybay at bantas ang ginamit. |
| **KABUOAN** | **10** | **8** | **6** | **4** | **2** |

## *Mga Sanggunian:*

**Mga Aklat:**

DepEd-Bureau of Secondary Education Curriculum Development Division. Panitikang Pilipino 8.

Miranda Lourdes L., Antoniettea D. Tapang, Pilipina A. Guerrero, 2017. Punla 8 ( Mga Panitikang Pambansa at Florante at Laura) Rex Book Store,Inc.

INTERNET:

https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/filipino_teachers_guide_1.pdf

https://www.slideshare.net/Ansabi/sarsuwela

https://www.slideshare.net/Ansabi/walang-sugat-summary-ni-severino-reyes

https://brainly.ph/question/211950

https://www.slideshare.net/CharleneEriguel/ang-sarsuwela-at-ang-mga-uri-ng-dula

https://www.google.com/search?q=atang+dela+rama&tbm=isch&ved=2ahUKEwjxyM2bsHpAhUjxosBHfAVAvoQ2-

cCegQIABAA&oq=atang+&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgIIADICCAAyAggAMgIIADICCAAyAggAMgIIADICCAAyAggAMgIIADoECCMQJzoECAAQGDoGCAAQChAYOgcIIxDqAhAnUI-kBlitvgZgge0KaAFwAHgEgAG0AYgBxA2SAQQwLjExmAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWewAQo&sclient=img&ei=RuXEXvGNEKOMr7wP8KuI0A8&bih=689&biw=1280#imgrc=bdDFf0HI2OYwgM

https://www.google.com/search?q=severino+reyes+picture&sxsrf=ALeKk01pus7yq

73YwL9ZsPdPFRZipEki9A:1589879809665&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=GJkhg1u7ypOpMM%253A%252C1WPEQzGPjXGs3M%252C_&vet=1&usg=AI4_-kQBY-MJZqD1KiWfRnCMwFSCupiAcw&sa=X&ved=2ahUKEwihlanqy7_pAhUBG6YKHU7YCVoQ9QEwAnoECAoQFQ#imgrc=GJkhg1u7ypOpMM:

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifcaio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph* blr.lrpd@deped.gov.ph